


# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:

### Panitikang Asyano: Maikling Kuwento ng Silangang Asya



PAG-AARI NG PAMAHALAAN  
HINDI IPINAGBIBILI

## Filipino – Ikasiyam na Baitang

### *Alternative Delivery Mode*

#### Ikalawang Markahan – Modyul 5: Panitikang Asyano-Maikling Kuwento ng Silangang Asya Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang pamahalaan ng Pilipinas. gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Jesselita Silao-Maglasang, Jill B. Lubguban, Jevic S. Cruz, Maimona S. Gumikas–Piang, Lailyn A. Pepito, Ricky C. Arabis, Godafreda C. Ugmad
<b>Editor:</b>	Josephine L. Tomboc, Susan S. Bellido
<b>Tagasuri:</b>	Alma M. Beton
<b>Tagapamahala:</b>	Ruth L. Fuentes Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Majarani M. Jacinto Juliet A. Magallanes Florencio R. Caballero Alma D. Belarmino

#### **Inilimbag sa Pilipinas ng *Department of Education* – Region IX**

*Office Address:* Regional Center, Balintawak, Pagadian City

*E-mail Address:* [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

## **Filipino**

**Ikalawang Markahan – Modyul 5:**

**Panitikang Asyano: Maikling  
Kuwento ng Silangang Asya**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag -aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin



Kumusta kaibigan? Maligayang pagdating sa ikalimang modyul. Ako ay nagagalak na natapos mo ang ikaapat na modyul. Napakagaling! Ako ang iyong kaibigang si Liway na makakasama mo sa iyong paglalakbay.

Natatandaan mo pa ba kaibigan ang ating tinalakay noong nakaraang aralin? Ito ay ang tungkol sa pagpapahayag ng sariling pananaw o opinyon at argumento sa mga napapanahong isyu sa lipunang Asya.

Bawat isa sa atin ay may kaniya-kaniyang kuwento sa buhay. Ang mga ito ay nagbibigay sa atin ng kaalaman at inspirasyon habang tayo ay nabubuhay.

Paano nga ba bubuuin ang isang napakagandang kuwento? Iyan ang lalakbayin natin sa linggong ito, aalamin at pag-aaralan natin ang tungkol sa banghay ng maikling kuwento at ang mga kultura na nakapaloob dito.


Alam ko na nasasabik ka na rin na galugarin ang mga maikling kuwento na nagmula sa Silangang Asya. Halina't sabay nating pag-aralan ang ilan sa kanilang panitikan tulad ng maikling kuwento mula sa Tsina na may malaking impluwensiya sa uri ng panitikan na mayroon tayo ngayon sa Pilipinas.

Para mas maging kapanapanabik ang ating paglalakbay, babasahin natin ang akdang Niyebeng Itim ni Liu Heng na isinalin sa Filipino ni Galileo S. Zafra, akdang nagmula sa Tsina.

Simulan na natin ang ating aralin gamit ang inyong malikot na imahinasyon at matang mapanuri.

Sa ating paglalakbay, inaasahang matatamo ang sumusunod habang isinasagawa ang mga gawain:

- nasusuri ang maikling kuwento batay sa estilo ng pagsisimula, pagpapadaloy at pagwawakas ng napakinggang salaysay
- nahihinuha ang kulturang nakapaloob sa binasang kuwento na may katutubong kulay
- nabibigyang kahulugan ang mga imahe at simbolo sa kuwento at
- naisasalaysay ang sariling karanasan na may kaugnayan sa kulturang nabanggit sa nabasang kuwento.
- naisusulat ang isang paglalarawan ng sariling kultura na maaaring gamitin sa isang pagsasalaysay.
- nakagagamit ng mga pahayag sa pagsisimula, pagpapatuloy ng pangyayari at pagtatapos ng isang kuwento.



## Subukin



Paalala lamang kaibigan na ang bawat bahagi ng modyul na ito ay nagtataglay ng mga gawain at pagsubok na lilingang ng iyong kakayahan. Huwag kang mag-alala dahil naririto naman ako nakahandang gumabay sa iyo. Sundin mo lamang ang aking mga panuto at mga gawaing ipagagawa sa iyo.

Ang bahaging Subukin, ay ang panimulang pagsusulit na susukat sa lawak ng iyong kaalaman sa pag-aaralang aralin. Sige nga, subukan natin.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang letra na tumutukoy sa wastong sagot. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Anong uri ng masining na panitikan ang naglalaman ng isang maikling salaysay tungkol sa isang mahalagang pangyayari na kinabibilangan ng isa o ilang tauhan?  
A. maikling katha  
B. maikling tula  
C. maikling akda  
D. maikling talata
2. Alin sa sumusunod na mga bahagi ng kuwento ang naglalahad ng mga kasagutan sa suliranin ng akda?  
A. panimula  
B. wakas  
C. banghay  
D. pababang aksiyon
3. “Puwede kang manatili dito ngayon, sabi ni Tito Rey.” Anong elemento ng maikling kuwento ang lantad sa pahayag na ito?  
A. tagpuan  
B. tauhan  
C. banghay  
D. tema
4. “Halos Bagong Taon na.” “Puwede kang manatili dito ngayon, sabi ni Tiya Luo.” Alin sa sumusunod ay sumasalamin sa kulturang Tsino?  
A. A. pag-iwas sa responsibilidad  
B. B. pagpapahalaga sa pamilya  
C. C. pakikipagkaibigan  
D. D. pakikipagkapuwa

5. "Isang bagay lang ang hinding-hindi ko makakalimutan tungkol kay Dingdong-hindi pa siya pumupunta dito nang hindi niya taglay ang *ingay at halakhak*." Ano ang ipinapahiwatig ng nakaitalisadong mga salita?
  - A. masayahing tao si Dingdong
  - B. maraming naiinis kay Dingdong
  - C. mahirap kalimutan si Dingdong
  - D. mahilig humalakhak si Dingdong
  
6. Ayon sa pahayag sa bilang 5, ano ang layunin ng may-akda sa paghahatid ng kaniyang kuwento?
  - A. ipakilala ang mga tauhan
  - B. maghatid ng mga mag-aaral
  - C. isalaysay ang mga pangyayari
  - D. ilarawan ang lugar at mga kaugalian
  
7. Anong larangan ang sumasakop sa mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sine o bilang bahagi ng industriya ng libangan?
  - A. dula
  - B. *role play*
  - C. pelikula
  - D. maikling kuwento
  
8. Alin sa mga pahayag sa ibaba ang **HINDI** kabilang sa mga katangian ng isang mahusay na paglalarawan?
  - A. may tiyak at kawili- wiling paksa
  - B. may tiyak na layunin sa paglalarawan
  - C. may malinaw na pagbuo sa mga larawang nais ipakita
  - D. gumamit ng anumang salitang nakaaantig sa damdamin ng mambabasa
  
9. Aling pahayag sa ibaba ang tumutukoy sa kahalagahan ng pangatnig at *transitional devices*?
  - A. nakatutulong sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento
  - B. nagbibigay- kahulugan sa konotasyon at denotasyon ng mga salita
  - C. tumutukoy sa mga pangunahing tauhan sa maikling kuwento o alamat
  - D. kumikilala kung kailan naganap, nagaganap, at gaganapin ang kilos o pangyayari
  
10. "Saan man siya magpunta laging may nagsasabi sa kaniya ng dapat gawin at hindi dapat gawin, sa pagtingin sa kaniya ng mababa umaangat ang kanilang sarili." Ano ang iyong mahihinuha sa pahayag?
  - A. may mga taong sunod-sunuran
  - B. may mga taong mapagsamantala
  - C. may mga taong api at mapagmataas
  - D. may mga taong walang kakayahang ipaglaban ang sarili

## Aralin

# 1

## Maikling Kuwento:

### Niyebeng Itim ni Liu Heng

Salin ni: Galileo S. Zafra

Magaling, alam kong nasagutan mo nang maayos ang subukin. Ngayon naman, ating lakbayin ang makulay at mahiwagang panitikan ng Tsina. Sabay nating pag-aralan ang ilan sa kanilang mga akda na may malaking ambag sa sarili nating panitikan. Ngayon ay dumako naman tayo sa isang kuwento ng **katutubong kulay**, ang *Niyebeng Itim*. Ilalahad sa araling ito ang isang maikling kuwento na tumatalakay sa isang tauhang nagnanais na kumawala sa nakasanayang tradisyon ng kanilang lahi.

Nasasabik ka na ba kaibigan?



## Balikan

Bago tayo magpatuloy ay balikan muna natin ang ating nakaraang aralin. Naalala mo pa ba ang ating huling aralin?



*Napag-alaman natin na ang tekstong argumentatibo ay naglalahad ng paniniwala, pagkukuro o pagbibigay ng pananaw patungkol sa isang mahalaga o napapanahong isyu. Isang halimbawa nito ay talumpati.*

*Ang tekstong argumentatibo ay may pangunahing bahagi. Bawat bahagi ay magkakaugnay upang higit na maging matibay ang mga pangangatuwirang inilalahad. Ang mga bahaging ito ay panimula, katawan, at konklusyon.*

Ngayon, sagutin mo muna ang katanungan sa ibaba.

Galingan mo!



**Panuto: Tama o Mali:** Tukuyin kung ang mga pangungusap ay tama o mali. Isulat ang salitang TAMA kung wasto ang isinasaad sa pangungusap at MALI naman kung hindi ito wasto. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

- \_\_\_ 1. Lahat na argumento ukol sa inihaing proposisyon ay kailangang organisadong maihanay sa katawan ng tekstong argumentatibo.
- \_\_\_ 2. Mahalagang may malawak na kaalaman ukol sa isyung tinalakay ang manunulat upang mabigyan niya ng bigat ang pangangatuwiran.
- \_\_\_ 3. Ang pangangatuwiran ay maaaring sisimulan sa maliit na patunay tungo sa paglalahat.
- \_\_\_ 4. Kailangang mahaba, malaman at malinaw ang unang talata ng tekstong argumentatibo.
- \_\_\_ 5. Ang tekstong argumentatibo ay nagtataglay ng matibay na ebidensya.



## **Tuklasin**




Bago natin basahin ang nakasasabik na akda ay pagmumuni-munihan muna natin ang tanong na “Bakit kailangan nating magpatuloy sa buhay sa kabila ng mga pagsubok na ating nararanasan?” Sa kuwentong ating babasahin ngayon ay malalaman natin ang kasagutan sa tanong na ito.

Halika! Samahan mo ako at umpisahan nating basahin at unawaing mabuti ang isang kuwento mula sa bansang Tsina. Hindi lamang sa laki ng bansa at bilang ng populasyon nangunguna ang Tsina ngunit hindi rin sila pahuhuli sa larangan ng panitikan. Isa ang Tsina sa mga bansa sa Asya na may pinakamayamang panitikan. Sinasabi nga sa mga pag-aaral na kung gaano katanda at kayaman ang sibilisasyon ng mga Tsino ay ganoon din katanda at kayaman ang kanilang panitikan. Mayaman ang Tsina sa iba’t ibang klase ng panitikan, maging ito man ay tuluyan o patula. Narito ang isa sa halimbawa ng panitikan ng Tsina, ang maikling kuwento na pinamagatang “Niyebeng Itim” ni Liu Heng na isinalin ni Galileo S. Zafra.

Bago natin tuluyang buksan ang buhay ng ating pangunahing tauhan sa kuwento ay pagyamanin muna natin ang inyong kaalaman sa talasalitaan.

## Pagpapayaman sa Talasalitaan

Panuto: Magbigay ng mga salitang may kaugnayan sa salitang Niyebeng Itim.



## HALIKA, MAGBASA TAYO!

Basahin at unawain mong mabuti ang kuwentong pangkatutubong-kulay mula sa Tsina na pinamagatang **Niyebeng Itim ni Liu Heng** na isinalin sa Filipino ni Galileo S. Zafra na matatagpuan sa aklat na Panitikang Asyano 9 nina Peralta, R. N. et. al. (2014), Modyul ng mga Mag-aaral, pahina 133 hanggang pahina 142. Pagkatapos ay sagutin ang mga gawain na nasa ibaba.



Magaling kaibigan! Natapos mong basahin ang kuwento. Kamusta? Marami ka bang natutuhan? Magaling!  
Ngayong tapos mo nang basahin ang kuwento ay sagutin mo ang mga sumusunod.


### Gawain 1:

**Panuto:** Batay sa mga pahayag na ginamit sa binasang akda, ibigay ang kahulugan ng mga imahe at simbolo na nakapaloob dito. Isulat ang kahulugan sa kahon.

1. Pakiramdam ni Huiquan ay isa siyang basurahan o isang pirasong basahan na nais magtago sa isang butas.

2.

Ang bakuran, na may mahigit sa pito o walong talampakan ang luwang, ay tulad ng balon sa ilalim ng kumikinang na bughaw na langit.



**Gawain 2.**

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong mula sa maikling kuwentong binasa.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? Itala ang mga katangian nito.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

2. Anong katangian ng pangunahing tauhan ang dapat na pamarisan? Ang hindi dapat pamarisan? Bakit?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

3. Ano ang tema ng kuwentong binasa?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

4. a. Paano sinimulan ng may-akda ang kuwento?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

b. Ano ang suliraning taglay ng pangunahing tauhan?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

c. Paano hinarap ni Li Huiquan ang kaniyang problema?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

d. Ano ang mga hakbang na kaniyang ginawa?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

e. Paano winakasan ng may-akda ang kuwento?


---

---

---

**Gawain 3:**

**Panuto:** Ilahad ang nahihinuhang kulturang Tsino na nakapaloob sa binasang akda sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa loob ng mga kahon.



Sadyang pinahanga mo ako kaibigan sa iyong ipinakitang galing. Huwag kang bibitaw dahil mas marami ka pang matutuhan sa mga sumusunod nating talakayan.



***Suriin***

Upang madagdagan pa kaibigan ang iyong kaalaman ay sabay nating pag-aralan ang susunod na paksa. Makatutulong din ito upang mas lalo mo pang maunawaan ang ating talakayan sa araw na ito.



## Ano ang Banghay?

Isang mahalagang elemento ng maikling kuwento ang **banghay o plot**. Ito ay kailangang maging kawili-wili at mabisang maipahayag ang kaisipang nais ikintal sa isipan ng mga mambabasa.

Ang **banghay** ay tumutukoy sa maayos na pagsasalaysay ng mga pangyayari tulad ng ano ang mga pangyayari at ano ang kaugnayan at kahulugan ng mga pangyayaring ito. Samakatuwid, ang banghay ay ang maayos at malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga magkakaugnay na pangyayari sa akda.

### Banghay ng Maikling Kuwento:

1. **Simula** – dito nakasalalay ang kawilihan ng mga mambabasa at ipinakita kung saan at paano nagsimula ang kuwento. Sa bahaging ito maaaring mailahad agad ang suliranin at kadalasang ipinakilala ang iba pang mga tauhan sa kuwento.
2. **Suliranin** – ang problemang haharapin ng mga tauhan sa kuwento. Ito ang nagsisilbing dugo ng bawat kuwento, ang nagpapadaloy at nagbibigay ng interes sa istorya.
3. **Pataas na Aksiyon** – dito nagaganap ang paglalahad ng suliranin. Isinasaad ang mga nagiging reaksiyon o hakbang ng mga tauhan sa suliraning kinakaharap. Tinatawag din itong saglit na kasiglahan o ang panandaliang pagtatagpo ng mga tauhang masasangkot sa kuwento.
4. **Kasukdulan** – Ang pinakamataas na antas sa bahagi ng kuwento. Masasabing dito sa bahaging ito ang pinakapinanabikan na bahagi ng kuwento. Sa bahaging ito ng kuwento makakamtan ng pangunahing tauhan ang katuparan o kasawian na kaniyang ipinaglalaman. May mga kuwentong ang kasukdulan ang nagiging wakas ng kuwento.
5. **Pababang Aksyon** – dito makikita ang kakalasan. Sa kakalasan ng mga kumbensyunal o tradisyunal na kuwento, dito binibigyang kasagutan ang mga suliraning inilahad sa kuwento. Maaaring masasagot sa bahaging ito ang lahat ng tanong na nasa isipan ng mambabasa.
6. **Wakas** – ito ay tumutukoy kung paano nagwakas o nagtapos ang kuwento. Ang wakas ay maaaring masaya, malungkot o nagbubukas sa iba pang ideya o tinatawag na *open-ended* sa isipan ng mga mambabasa.



Batid kong nagkaroon ka na ngayon ng ideya tungkol sa banghay ng maikling kuwento. Ngayon naman ay patuloy mong basahin ang isa sa mga uri ng maikling kuwento, bilang dagdag pang kaalaman.

May iba't ibang uri ang **maikling kuwento**. Isa sa mga uri nito ay ang **Kuwento ng Katutubong Kulay**. Binibigyang-pokus sa kuwentong ito ang kapaligiran, ang mga kaugalian, at mga pananamit, ang uri ng pamumuhay at hanapbuhay sa nasabing pook, paniniwala at pananaw sa buhay. Ang kuwentong Niyebeng Itim ni Liu Heng ay isang halimbawa nito dahil ito'y sumasalamin sa **kultura** at tradisyong kinabibilangang lugar ng pangunahing tauhan.

Ang **kultura** ay nagsisilbing pagkakakilanlan ng isang lugar. Ito ay nahahati sa dalawang uri, ang materyal at di-materyal na kultura. Ang unang uri ay tumutukoy sa mga nahahawakan o konkreto, nililikha at ginagamit ng pangkat etniko tulad ng pagkain, pananamit, kasangkapan, at tirahan habang ang ikalawang uri ay tumutukoy naman sa mga hindi nahahawakan ngunit isinasagawa tulad ng tradisyon, kaugalian, gobyerno, sining, paniniwala/relihiyon, wika at panitikan.

Ang maikling kuwentong *Niyebeng Itim* ay naglalayong ipahayag ang mga katangian at paniniwala sa buhay ng mga Tsino. Layunin nitong ipahayag ang kanilang damdamin batay sa mga pagsubok na kanilang dinanas. Ito ay punung-puno ng mga **imahe** at **simbolo** mula sa kapaligiran, kilos at pananalita ng tauhan. Gumagamit ang mga kuwentista ng mga simbolo at imahe upang mas mapalutang ang rikit ng kanilang akda.

Ang imahe ay tumutukoy sa representasyon ng isang bagay, tao o ideya. Ang simbolo naman ay mga salita na kapag binanggit sa akda ay nag-iiwan ng iba't ibang pagpapakahulugan sa mambabasa ngunit ang ito ay dapat di malayo sa pagbibigay-kahulugan ng may-akda.

Ang salitang niyebeng itim ay ginamit upang ilarawan ang dalawang kulang ng buhay na dinanas ng pangunahing tauhan. Ang niyebe o yelo ay kulay puti na naglalarawan ng panahon ng taglamig dahil ang kuwento ay nangyari sa panahon ng pasko. Ang itim naman ay nangangahulugan ng mapait na karanasan ng pangunahing tauhan.



Huwag ka munang mabagot kaibigan. Basahin ang karagdagang impormasyon na ito upang mapadali ang susunod na mga gawain.

Mahalaga na ang bawat isa ay matutong gumamit ng mga pahayag tulad ng pangatnig at *transitional devices* upang magamit sa pagsisimula, pagpapatuloy ng mga pangyayari at pagtatapos ng isang kuwento.

Ang mga **pangatnig** at **transitional devices** ay ginagamit sa pag-uugnay-ugnay ng mga pangungusap at sugnay. Sa pamamagitan nito, napagsusunod-sunod natin nang tama ang mga pangyayari sa isang kuwento ayon sa tamang gamit nito.

**Pangatnig** ang tawag sa mga salitang nag-uugnay sa dalawang salita, parirala o sugnay.

**Transitional devices** naman ang tawag sa mga kataga na nag-uugnay sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari (naratibo) at paglilista ng mga ideya, pangyayari at iba pa sa paglalahad.

### **Transitional Devices:**

#### **1. sa wakas, sa lahat ng ito** – panapos

*Mga Halimbawa*

- a. Sa wakas, nakalaya na rin si Li Huiquan sa bilangguan.
- b. Sa lahat ng ito, napagtanto niya ang kahalagahan ng kanyang ina.

#### **2. kung gayon** – panlinaw

*Mga Halimbawa*

- a. Malinaw ang paalala ng ina sa kaniya, kung gayon kaya ni Li Huiquan ang mga pagsubok sa kanyang buhay.

Narito ang ilang halimbawa ng **pangatnig** at **transitional devices** na karaniwang ginagamit sa Filipino:

#### **1. subalit,datapwat,ngunit** - ginagamit na paninsay o panalungat.

*Mga Halimbawa:*

- a. Matumal ang benta datapwat hindi siya sumusuko sa pagtitinda.
- b. Mahal ni Li Huiquan ang kanyang ina subalit di niya ito naipakita nang ito'y buhay pa.
- c. Maaga silang pumila para makakuha ng lisensya ngunit naubusan na siya ng kota para sa pagtitinda ng mga prutas.

#### **2. samantala, saka** – ginagamit na pantuwang

*Mga Halimbawa:*

- a. Natutuhan niya ang paggalang sa mga nakakatanda saka ang pagsunod.
- b. Masaya ang lahat sa pagsalubong sa pasko samantala siya ay abala sa pagkumpuni ng kaniyang kariton.


#### **3. kaya, dahil sa** – ginagamit na pananhi

*Mga Halimbawa:*

- a. Nakabenta si Li Huiquan ng dalawampung panlamig na angora kaya sumigla siya.
- b. Masaya na si Li Huiquan dahil sa mayroon na siyang magawa.



Batid kong nauunawaan mo na ang mga impormasyon tungkol sa ating aralin. Tiyak kong masasagot mo nang buong husay ang susunod na gawain.



## Pagyamanin



Binabati kita sa iyong kahusayan! Ituloy mo pa ang pagpapalalim ng iyong kaalaman kaugnay sa tinalakay na bahagi ng aralin.

Basahin ang isa na namang uri ng maikling kuwentong **Nagmamadali ang Maynila ni Serafin G. Guinigundo** na makikita pa rin sa aklat ng Panitikang Asyano 9 nina Peralta, R. N. et. al. (2014), Modyul ng mga Mag-aaral sa pahina 145 at tukuyin kung paano masasalamatin sa kuwentong ito ang ating kultura bilang isang Pilipino.

### Gawain 1:

**Panuto:** Ilarawan ang lugar, kilos/gawi, at uri ng pamumuhay ng mga tao noon sa Maynila at ihambing ito sa kapaligirang kinabibilangan mo gamit ang tsart sa ibaba.

ASPETO NG PAGHAHAMBING	PAGHAHAMBING	
	PAGKAKATULAD/PAGKAKAIBA	
	Nagmamadali Ang Maynila	Ang Aking Kapaligiran
pisikal na anyo ng lugar		
tradisyon/kilos/gawi ng tao		
paniniwala/pilosopiya		



**Gawain 2:**

**Panuto:** Isalaysay ang iyong sariling karanasan na may kaugnayan sa mga kulturang iyong binanggit sa Gawain 1. Ang Rubriks sa pahina 19 ang gagamitin sa pagmamarka.

<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>
-------------------------------

**Gawain 3:**

**Panuto:** Ipaliwanag ang nakapaloob na imahe at simbolo na hinalaw na pahayag sa binasang kuwento.

<b>Mga Pahayag</b>	<b>Pagpapaliwanag</b>
"Mga mama... mga ale... ginto...?" ang alok-anyaya ng isang babaing nakakimona at ang saya ay humihilahod sa sakong at siyang lumilinis sa makapal na alikabok sa bangketa.	
"Alam mo na ang bilis natin, hindi ka maaano. Hawak natin ang ibon."	



## Isaisip



Binabati kita sa malaniyebeng katapatan sa pagsagot mo sa mga gawain. Batid kong lahat ng iyong natutuhan ay hindi lang isinaisip kundi isinapuso mo rin.

Nawa'y ang mga ginintuang-aral na napulot mo mula sa pag-aaral na ito ay maging sandata mo upang ipagpatuloy ang paglalakbay mula sa modyul na ito hanggang sa susunod na modyul.

Anong konsepto  
ang aking  
natutuhan sa  
aralin?

---

---

---

---

---

---

Anong  
pagpapahalaga  
ang aking  
natamo?

---

---

---

---

---

---

Bakit mahalaga  
ang paggamit ng  
mga *transitional  
devices*?

---


---

---

---

---

---



## Isagawa



Muli kitang binabati sapagkat naramdaman ko ang pagsusumikap mong matuto kaya umabot ka sa bahaging ito. Malapit mo nang matapos ang iyong paglalakbay. Ang mga ginuntuang kaisipan ay nagpapasidhi ng iyong hangarin na suungin nang walang pag-aatubili ang mga gawaing iniatas sa iyo. Ngayon ay nais kong subaybayan ka sa iyong landas kung paano mo ito huhugutin mula sa hibla ng iyong buhay.

### Iugnay Mo!

Panuto: Sumulat ng isang sanaysay na may tatlong talata na nagpapakita ng diwa ng BAYANIHAN sa inyong lugar ngayong panahon ng pandemya gamit ang mga transitional devices sa ibaba.

sa lahat ng ito

dahil sa

kaya

sa wakas

ngunit

samantala

---

-

---

-

---

-

---

-

---

-

**Rubriks sa Pagmamarka:**

<b>Batayan</b>	Napakahusay 5	Mahusay 4	Pauunlarin 3	Nangangailangan pa ng Pagsasanay 2
Nilalaman	Maayos na maayos ang paglalahad sa paksa at nasusunod lahat na panuntunan ng guro	Maayos ang paglalahad sa paksa ngunit hindi lahat na panuntunan ng guro ang nasusunod	Bahagya lang ang pagkakalahad sa paksa at iilan lang sa mga panuntunan ang nasusunod	Malabo ang pagkakalahad sa paksa at hindi nasusunod ang mga panuntunan ng guro
Mekaniks	Malinaw na malinaw na sumunod sa tamang gamit ng mga bantas, espasyo, baybay, at pagbuo ng talata.	Malinaw na sumunod sa tamang gamit ng mga bantas, espasyo, baybay, at pagbuo ng talata.	Bahagyang sumunod sa tamang gamit ng mga bantas, espasyo, baybay, at pagbuo ng talata.	Hindi sumunod sa tamang gamit ng mga bantas, espasyo, baybay, at pagbuo ng talata.
Organisasyon	Mahusay na mahusay ang pagkakasunodsunod o daloy ng mga ideya	Mahusay ang pagkakasunodsunod o daloy ng mga ideya	Hindi gaanong mahusay ang pagkakasunodsunod o daloy ng mga ideya	Hindi mahusay ang pagkakasunodsunod o daloy ng mga ideya

***Tayahin***



Mahusay kaibigan, mukhang naintindihan mo na nga ang ating aralin. Hindi ba madali lang? At tulad ng sinabi ko, narito lang ako laging nakaagapay sa iyo. Alam kong nasunod mo naman lahat ng panuto at nagawa mo nang maayos ang mga ipinagawa ko sa iyo.

Sa bahaging *Tayahin*, matatasa o masusukat ang antas ng pagkatuto o lawak ng kaalaman na iyong natutuhan sa pag-aaral sa modyul na ito. Halika at tayahin na natin.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang letra na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Anong elemento ng maikling kuwento ang nais bigyang-pansin sa bahaging ito?

Natatanaw ko ang aking sarili sa isang masusukal at tahimik na kapaligiran. Tanging huni ng ibon lamang ang maririnig at paspas ng hangin. Isang maliit na bahay na giray na giray na yari sa kawayan ang makikita sa di-kalayuan.

- A. tagpuan  
B. banghay  
C. tauhan  
D. kasukdulan

2. *Ang krisis ay may simula, \_\_\_\_\_ may katapusan kaya hanapin ang pinakamaikling landas sa pagitan ng simula at katapusan nito. Alin sa sumusunod ang angkop na pangatnig upang mabuo ang diwa ng pangungusap?*

- A. dahil sa  
B. datapwat  
C. at  
D. samantala

3. Anong bahagi ng kuwento ang tumutukoy sa kapana-panabik na pangyayari sa kuwento?

- A. panimula  
B. kasukdulan  
C. suliranin  
D. wakas

4. Tukuyin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari batay sa kuwento na nakapaloob sa kahon.

Isang araw, namamasyal si Vilma sa *plaza* kasama ang kaniyang mga kaibigan. Habang naglalakad, nabangga siya ng isang batang gusgusing lalaki. Napikon si Vilma, at pinagalitan niya ang bata. Humingi ng tawad ang bata, at inirapan lang ito ni Vilma. Pumasok sila sa isang *Department Store* malapit sa *plaza* upang bumili ng mga gagamitin para sa kanilang proyekto. Nang siya ay magbabayad na, wala sa kaniyang *shoulder bag* ang pitaka. Bigla niyang natandaan na binangga siya ng isang batang lalaki, at tiniyak niya na ito ang kumuha ng kaniyang pitaka. Agad hinanap ng magkakaibigan ang bata. Nang makita nila ito, agad hinablot ni Vilma ang damit ng bata at pilit na pinaamin sa pagkuha ng kaniyang pitaka. Tinakot nila itong dalhin sa isang presinto ng pulis. Walang tigil naman ang pagtangi ng bata. Dahil sa takot na madala sa pulis ay bigla itong tumakbo. Hindi niya napansin ang humarurot na sasakyan kaya siya ay nabangga.


- I. Habang papunta sa plaza, nabangga siya ng isang batang lalaki.  
II. Pilit na pinaamin sa pagkuha ng kanyang pitaka.  
III. Nang siya ay bumili ng mga gamit para sa proyekto, napansin niya na wala sa kanyang *shoulder bag* ang pitaka.

IV. Ngunit ang bata ay panay ang tanggi kahit na pilit na pinapaamin ni Vilma.

A. I, II, III, IV  
B. I, III, II, IV

C. I, IV, III, II  
D. I, III, IV, I

5. *Ilang beses na rin kaming nagkasabay kumain ng aking ama. Maraming pagkakataon na rin na maaari ko nang maipagtapat ang tunay na saloobin ko sa ginawa niya. Subalit ang aking bibig ay waring kinandado at ang paa ko'y nangangatog sa kaba. Ano ang ipinapahiwatig ng pahayag na ito?*
- A. natatakot siya sa kanyang ama  
B. may galit siya sa kanyang ama  
C. hindi niya kapalagayang loob ang ama  
D. masama ang loob niya sa kanyang ama
6. “Alam mo ba kung paano ka nakakuha ng lisensya gayong maraming retirado at walang trabaho ang hindi makakuha?” “Dahil...dahil kailangan ko ng trabaho?” “Kinakailangan ka ng pamahalaan, tiyak ko na alam mo iyan.” Ano ang mahihinuha sa usapang ito?
- A. dapat magbayad sa kapwa  
B. walang pakialam sa kapwa  
C. may pagpapahalaga sa mga mamamayan  
D. higit na pinahahalagahan ang lalaki kaysa babae
7. “Dapat lang na maging maayos ang buhay mo sa taong ito. Dapat may trabaho ka na. Ayusin mo at hahanapan kita ng nobya.” Anong katangian ng mga lalaki ang ipinakikita rito?
- A. inaasahang mangalaga sa tahanan  
B. inaasahang mag-alaga sa mga anak  
C. inaasahang magtrabaho para sa asawa  
D. inaasahang magtrabaho para sa pamilya
8. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang HINDI gumagamit ng *transitional devices*?
- A. Maaabot din niya ang kanyang pangarap.  
B. Sa wakas, nakatapos din siya ng pag-aaral.  
C. Sa pagkakataong ito, ako na ang masusunod.  
D. Nakatanggap sila ng *award* dahil sa pagtutulungan.
9. “Gustong lumaban ni Rigor ngunit wala siyang lakas kaya nagpanggap na lamang siyang tanga.” Ano ang ibig sabihin ng pahayag?
- A. duwag  
B. mahina ang loob  
C. matapang  
D. takot
10. “Nakabilanggo pa rin ang kanyang isip at damdamin kahit siya ay nakalaya na mula sa ilang taong pagkabilanggo.” Ano ang ipinapahiwatig ng pahayag na ito?
- A. Naalala niya ang kanyang mga kasama sa bilangguan.  
B. Hindi pa rin siya nakalabas mula sa bilangguan.  
C. Iniisip niya ang mga naiwan sa loob ng bilangguan.  
D. Lagi niyang naalala ang mga karanasan sa loob ng bilangguan.



## Karagdagang Gawain




Mahusay ang ginawa mo kaibigan! Nagawa mo lahat ang mga gawain at naunawaan mo ang ating aralin. Ito na ang huling gawain para sa modyul na ito.

**Panuto:** Sa iyong sagutang papel, gawin ang sumusunod.

1. Gumuhit/gumupit ng mga larawang nagpapakita ng kulturang may kaugnayan sa iyo.
2. Sumulat ng isang sanaysay na nagsasalaysay sa larawang napili/iginuhit.
3. Gamitin ang rubriks sa pahina 19 sa pagsulat.

Sa wakas ay natapos mo rin ang modyul na ito. Pinahanga mo ako sa iyong galing! Binabati kita kaibigan sa ipinakita mong pagtitiyaga at kahusayan. Natapos mo nang buong husay at galing ang modyul na ito. Kung mayroon mang bahagi sa mga aralin na ito na hindi mo naunawaan, mangyaring makipag-ugnayan ka sa iyong guro.





## **Susi sa Pagwawasto**

<b>Subukin</b>	<b>Balikan</b>	<b>Tayahin</b>
1. A	1. TAMA	1. A
2. B	2. TAMA	2. B
3. B	3. TAMA	3. C
4. B	4. MALI	4. D
5. A	5. TAMA	5. D
6. C		6. D
7. C		7. D
8. D		8. A
9. A		9. B
10. D		10. D



# ***Mga Sanggunian***

## **Mga Aklat**

Peralta, R.N. et. al (2014). Ang Panitikang Asyano- Filipino 9, *Vibal Group, Inc.*

## **Mga Elektronikong Sanggunian**

<https://www.slideshare.net/bestinenarsus1/ano-ang-kultura>

**Para sa mga tanong o puna, sumulat o tumawag sa:**

*Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)*

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

*Telefax:* (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

*Email Address:* [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)